





Ipinasara ng *Monetary Board* (MB) ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) ang isang bangko kapag natuklasan nito na ang nasabing bangko ay nagdeklara ng pagsasara, o hindi ito nagbubukas o walang transaksyon ng hindi bababa sa 60 araw, o nagsuspende o tumigil ito ng pagbabayad ng deposito, o wala na itong kakayahang bayaran ang kanyang mga obligasyon sa mga takdang petsa; o kulang na ang *realizable asset* nito para bayaran ang kanyang *liabilities*, o hindi na nito kayang magpatuloy ng negosyo nang hindi magdudulot ng kawalan o pagkalugi sa mga depositor o *creditor* nito, o sinadyang lumabag sa isang *final cease-and-desist order* para sa mga gawaing mapanlinlang o mapanira sa mga ari-arian nito (*Section 30 ng New Central Bank Act/Republic Act No. 7653*).

Kapag nangyari ito, ilalagay ng MB ang bangko sa ilalim ng *receivership* ng Philippine Deposit Insurance Corporation (PDIC) at aatasan nito ang PDIC na i-take over ang nasabing bangko at isagawa na ang *liquidation* nito.

Bilang *Receiver*, pinamamahalaan ng PDIC ang operasyon ng ipinasarang bangko, kasama ang imbentaryo at pagsusuri sa mga *record*. Layunin nito na mabayaran ang *claims* ng *depositors* para sa *deposit insurance*; at *claims* ng mga *uninsured depositor* at *creditor* sa ari-arian ng ipinasarang bangko.

Ang **Philippine Deposit Insurance Corporation** (PDIC) ay isang *government instrumentality* na itinatag ng Kongreso sa pamamagitan ng Republic Act No. 3591 noong ika-22 ng Hunyo 1963 para protektahan ang mga depositor at isulong ang katatagang pinansyal ng bansa.

Ang PDIC ang *state deposit insurer*. Nagbibigay ito ng proteksyon sa mga depositor sa pamamagitan ng *deposit insurance* para sa lahat ng *insured deposits* sa mga bangko sa Pilipinas.

Ang PDIC din ang *statutory receiver* ng mga bangkong ipinasara ng *Monetary Board* ng BSP.

Para maisagawa ang mandatong ito, pinamamahalaan ng PDIC ang mga *asset, record*, at operasyon ng mga ipinasarang bangko para mapagpasyahan ang mga *claim* ng *creditors* ayon sa *Rules of Preference and Concurrence of Credits* ng *Civil Code of the Philippines*.

Philippine Deposit Insurance Corporation
PDIC Chino Bldg., 2228 Chino Roces Avenue
Makati City 1231

Hotline: (02) 8841-4141 (Para sa mga tawag mula sa Metro Manila)

Toll-free: 1-800-1-888-PDIC or 1-800-1-888-7342
(Para sa mga tawag mula sa labas ng Metro Manila)

Website: www.pdic.gov.ph

Facebook: www.facebook.com/OfficialPDIC

X (dating Twitter): @OfficialPDIC

YouTube: www.youtube.com/@PDICOfficial

Pag-file ng Claim sa mga Ari-arian ng mga Ipinasarang Bangko

Gabay para sa Creditors at Depositors na may Uninsured Deposits sa mga Ipinasarang Bangko



SINO ANG ITINUTURING NA CREDITOR NG IPINASARANG BANGKO?

Ang *creditor* ay tumutukoy sa sinuman – tao, negosyo, o organisasyon – na pinagkakautangan ng ipinasarang bangko. Kasama dito ang mga depositor ng ipinasarang bangko na may balanseng higit sa *maximum deposit insurance coverage (MDIC)* na ₱500,000.

Ang *creditor's claim* ay *claim* sa mga natitirang ari-arian ng ipinasarang bangko. Ito ay binabayaran sa pamamagitan ng mga nalikom na pondo mula sa *pag-liquidate* ng PDIC sa ipinasarang bangko.

KAILAN DAPAT MAG-FILE ANG CREDITORS NG KANILANG CLAIM SA MGA ARI-ARIAN NG IPINASARANG BANGKO?

Dapat *i-file* ang *creditor's claim* sa loob ng 60 araw mula sa petsa ng pagkakatatagala ng PDIC ng *Notice of Closure*.

Ang mga *claim* na nai-*file* matapos ang 60 araw na ito ay hindi na tatanggapin ng PDIC. Kapag hindi na tinanggap ng PDIC, maaaring *i-file* ng mga *creditor* at depositor na may *uninsured deposit* ang kanilang *claims* sa mga *liquidation court* na itinalaga para sa *pagli-liquidate* ng ipinasarang bangko.

ANO ANG MGA HAKBANG SA PAG-FILE NG CREDITORS' CLAIM?

1. Ihanda ang mga Kinakailangang Dokumento

- a. *Creditor's Claim Form* na sinagutan nang maayos. Ito ay maaaring makuha sa opisina o *premises* ng ipinasarang bangko o ma-download sa PDIC website sa bit.ly/PDICCreditorsClaim



- b. *Photocopy* ng *valid ID*
- c. Kopya ng *Secretary's Certificate* na nagpapahintulot sa kinatawan na *i-file* ang *claim* (para lamang sa *Corporate claimants*)
- d. Mga katibayan ng deposito gaya ng *passbook*, hindi pa nagamit na *bank check*, *certificate of time deposit*, at *ATM card* (para lamang sa mga depositor na may *uninsured deposits*)
- e. Mga *photocopy* ng mga kontratang nagpapatunay ng *creditor's claims* tulad ng:
- i. *Purchase order*
 - ii. *Delivery receipt*
 - iii. *Sales invoice*
 - iv. *Official receipt* (para sa mga *partial payment* o *downpayment*)

2. I-file ang Claim

- a. Personal - Isumite ang mga dokumento sa mga kinatawan ng PDIC na nakatalaga sa ipinasarang bangko habang isinasagawa ang *takeover operations*, o sa PDIC Public Assistance Center sa Ground Floor, PDIC Chino Bldg., 2228 Chino Roces Avenue, Makati City kung tapos na ang *takeover operations*.
- b. *Postal mail* o *courier* - Ipadala ang *claim form* at iba pang mga kinakailangang dokumento sa:

Public Assistance Department
Philippine Deposit Insurance Corporation
PDIC Chino Bldg., 2228 Chino Roces Avenue,
Makati City 1231

- c. *E-mail* - Ipadala ang malinaw na *scanned copy* o larawan ng notaryadong *Claim Form* at mga kinakailangang dokumento sa pad@pdic.gov.ph.

PAANO MAKAPAG-FOLLOW UP NG CLAIM ANG MGA CREDITOR?

1. Tumawag sa:

- a. Public Assistance Hotline:
(02) 8841-4141 (Para sa mga tawag mula sa Metro Manila)
- b. Toll Free:
1-800-1-888-7342 or
1-800-1-888-PDIC
(Para sa mga tawag mula sa labas ng Metro Manila)

2. Magpadala ng E-mail sa:

pad@pdic.gov.ph

3. Sa PDIC Public Assistance Center:

Ground Floor, PDIC Chino Bldg.,
2228 Chino Roces Avenue, Makati City

Ihanda ang pangalan ng ipinasarang bangko, pangalan ng *creditor* o depositor na may *uninsured deposits*, at *claim number* kapag magpa-follow up ng *Creditor's Claim*. Para sa mga depositor na may *uninsured deposits*, ihanda rin ang *deposit account number*.

Itinuturing na nakapag-file na rin ng *Creditor's Claim* sa ari-arian ng ipinasarang bangko ang mga depositor na may balanseng higit sa MDIC kung sila ay nakapag-file ng *deposit insurance claims* sa loob ng 60 araw mula sa petsa ng paglalathala ng *Notice to Creditors*.

Ang pagbabayad ng *Creditor's Claim* ay nakabase sa *Rules of Preference and Concurrence of Credits* ng *Civil Code of the Philippines* at sa pag-apruba ng nakatalagang *liquidation court* sa *asset distribution plan* para sa ipinasarang bangko.